DepEd Advisory No. 357, s. 2014
September 26, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PAMBANSANG KUMPERENSYA SA FILIPINO AT PANANALIKSIK

Ang Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika ay magdaraos ng *Pambansang Kumperensya sa Filipino at Pananaliksik* na may temang Pagh*arap sa mga Hamon ng Pagbabago sa Pagtuturo at Pananaliksik sa Wika at Panitikan* mula sa ika-4 hanggang ika-6 ng Pebrero, 2015 sa Mindanao State University (MSU)-Iligan Institute of Technology, Lungsod ng Iligan.

Layunin ng Kumperensya na:

1. makapagbigay ng mabisang tagpuan upang maibahagi ang mahahalagang impormasyon kaugnay ng mga pagbabago sa kurikulum sa elementarya at sekundarya at ang implikasyon nito sa pagtuturo;
2. makapagbahagi ng mga napapanahong isyu at pagdulog sa pagtuturo ng Filipino at panitikan sa mga titser, instraktor, propesor at mag-aaral sa Filipino; at
3. makapaglaan ng pagkakataong maipaalam ang kinalabasan ng mga pananaliksik tungkol sa iba't ibang paksa.

Ang mga guro sa Filipino sa mga pampubliko at pampribadong paaralan at mga mananaliksik ay imbitadong dumalo sa aktibidad na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag sa alin man sa mga sumusunod:

- Nerissa L. Hufana, Ph.D.
  Tserperson
  Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan
  Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika
  Mindanao State University-Iligan Institute of Technology
  Sentro ng Pagpapahusay sa Filipino ng CHED
  Andres Bonifacio Avenue, Tibanga, Lungsod ng Iligan
  Telepono Blg.: (063) 223-1924; (063) 221-4050 hanggang 55 lokal 4146
  Mobile Phone Blg.: 0917-716-7003
  Email Address: cass.dfiw@g.msuiit.edu.ph

- Mary Ann S. Sandoval, Ph.D.
  Direktor ng Kumperensya 2014
  Mobile Phone Blg.: 0920-906-1884; 0917-616-0843; 0922-843-2755
  Email Address: maryzann@yahoo.com